Diploma Programme
Programme du diplôme
Programa del Diploma

# Filipino A: literature – Higher level – Paper 1
# Filipino A : littérature – Niveau supérieur – Épreuve 1
# Filipino A: literatura – Nivel superior – Prueba 1

Wednesday 10 May 2017 (afternoon)
Mercredi 10 mai 2017 (après-midi)
Miércoles 10 de mayo de 2017 (tarde)

2 hours / 2 heures / 2 horas

---

### Instructions to candidates

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Write a literary commentary on one passage only.
- The maximum mark for this examination paper is **[20 marks]**.

### Instructions destinées aux candidats

- N’ouvrez pas cette épreuve avant d’y être autorisé(e).
- Rédigez un commentaire littéraire sur un seul des passages.
- Le nombre maximum de points pour cette épreuve d’examen est de **[20 points]**.

### Instrucciones para los alumnos

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Escriba un comentario literario sobre un solo pasaje.
- La puntuación máxima para esta prueba de examen es **[20 puntos]**.



2217 – 0073
© International Baccalaureate Organization 2017

International Baccalaureate®
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

https://xtremepape.rs/

Sumulat ng komentaryong pampanitikan sa alinmang **isa** sa dalawang sumusunod:

**1.**

Umugong na ang sirena sa pabrika, pumasok na ang habilin sa gabing nagdaan. Tila iyon ay ritwal sa tenga, umuukilkil. Parang nakapasak na tutuli, nakapagkit, hindi mapalis, gayong ang pabrikang pinagtatrabahuhan ay bente kilometro ang layo sa 'yong tinitirhan. Pinagduduldulan, umuusig, ayaw kang lubayan. Hanggang ang ugong ay nanatili sa iyong tenga.

E, ano kung nag-iinat pa lamang ang araw ay gising ka na, Arturo? Sanay na sanay ka na sa ganoon, di ba? Ang limang oras na tulog ay pupuwede na, matanda ka na, hindi na bata na nangangailangan ng mahabang tulog. Hindi mo iniinda ang ganoon. Kung tutulog-tulog ka't mahina, walang mangyayari, iyon ang pilosopiya mo sa ngayon.

Naipasiya mo na ring bumangon, dahil kahit titigan mo nang husto ang kisame, walang mangyayari. Baka bumagsak pa 'yan at madaganan ka, alalahanin mo, wala kang pampaospital.

Agad kang nagtuloy sa kusina. Nagluto ng almusal. Isinangag na lamang ang kaning natira mula sa hapunan. Okey na ito, nasabi mo sa sarili, lamang tiyan din. Isinalang mo ang kawali at ibinuhos doon ang mantikang nangingitim na sa nagsu-*swimming* na kaliskis ng tuyo. Mayamaya'y bumangon na ang iyong asawa. Tiningnan mo lamang ito. At hindi mo maiwasan ang muling mag-isip, kahit wala ka namang isip. Bata pa ang misis mo, edad trenta'y dos pa lamang, pero kung titingnan, mukha na siyang lola. Marami nang gatla sa noo. Mga gatla na inukit ng problema. Tuloy naglaro sa iyong guniguni, ang kawalan ng pera ang pinakamagaling na iskultor sa mukha ng tao. Hilahod na rin ang katawan nito sa labis na trabaho sa bahay kasama na rin ang paglalaba ng damit ng iba. Lalo pang lumalim ang mga gatla dahil lubos na nagtataka ang iyong asawa sa itsura mo.

Hanggang sa mesa ay dala-dala mo ang katahimikan. Wala kang pakialam kung labis kang pinakikiramdaman ng iyong lola, este asawa pala. Basta ang alam mo, wala kang naririnig kundi ang ugong sa pabrika. Hindi mo rin napapansin ang ingay ng mga kubyertos at ang ingay ng nagkakagulong mga anak. Nagtataka ka, marahil, bakit nagkakagulo ang mga lintek, gayong tuyo at malutong na sinangag lamang ang nakahain sa mesa? Ayaw mong isiping ang mga anak mo'y nahihibang, na ang tingin sa ulam ay inihaw na tuna o kaya'y plapla. Nakukuntento sa pag-iilusyon dulot ng matinding gutom. Pero, iyon ang ikinabilib mo, bata pa'y mahilig nang mangarap ang iyong mga anak. Sa imahinasyon ay nabubusog na sila.

Bago pumitada ang alas-sais, nasa kalsada ka na, Arturo. Kasabay ang maaagang pasahero na nag-aabang din ng masasakyan. Maraming dumating na mga dyip at bus ngunit ang lahat ay mayroon nang nakasabit na pasahero. Kung titingnan mo sa malayo, ang bus ay parang pinuputakti ng sangkatutak na langaw. At kung gagrabe pa ang pag-iisip mo, Arturo, isang malaking tumpok ng tae ang bus, na pinag-aagawan ng masisibang bangaw. Hayok na hayok na makadapo sa tumpok.

Marami rin sa mga tao ang asar na asar na, naiinis sa pangyayaring hindi na bago sa araw-araw nilang paghihintay sa kalsada. Marami sa kanila ang maaasim na ang mukha. Gusto mong pagtatadyakan ang mga tao, gusto mong sabihin sa mga ito na umuwi na lamang. Pero, nakakapagpasensiya ka ngayon, tiis-tiis, tiyaga, iyon dapat ang parati mong baon. Ano ba ang dalawang oras na paghihintay ng masasakyan, ganoon talaga ang buhay. Kailangan mong magtiis. Kailangan mong huwag indahin ang mga ito. E, ano kung mainit? E, ano kung amoy pawis at usok ka na? Amoy tinapa ka man, o ano, maraming mga taong tulad mo ang nag-aabang na ganoon din ang pakiramdam. Ang tanging ligtas lamang ay ang mga nakakotse. Wala kang dapat ikainggit doon, aba'y may pambili ang mga ito ng kotse. Sasakyan na kung tutuusin ay maghahatid lamang sa 'yong pupuntahan. Pero para sa iba ito ang kanilang altar. Ito na ang kanilang bahay at kung minsan ay asawa. Dahil kaya nilang ipagpalit ang asawa sa bagong modelo ng kotse. Teka, ano ba'ng paki mo doon?

https://xtremepape.rs/

Bandang alas-otso na nang makasakay ka, Arturo. Kung hindi ka pa nakasabit sa isang dyip malamang na hindi ka pa makakalarga. Ang mga kasabay mo sa dyip ay hapo na ang mga mukha at pata na ang katawan. Bagama't umaga pa lamang ay parang nalanta na ang kanilang mga itsura. Napansin mong galing pa ang mga ito sa Bagong Silang, malayo na ang nalakbay at malamang malayo pa ang lalakbayin.

Nakarating ka ng Philcoa bandang alas-nuwebe. Doon lamang nakatikim ang puwit mo ng upuan. At sa 'yong pag-upo, kasabay ng mga ugong ng sasakyan, gumulong sa 'yo ang mga alalahanin. Gayong ang ugong ay nanatili pa rin sa 'yong tenga.

Ramon "Mes" De Guzman, *Reklamador* (2002)



https://xtremepape.rs/

**2.**

**Mga Sandaling Nilakbay ng Paslit**

Kahapon may paslit
kumatok sa pintuan
pagbukas ko'y natambad
ang mukhang sindungis
ng pader na semento sa *underpass*
ng Quiapo
bitbit ng kanyang (walang malay na)
mga mata ang sanlibong bangungot
ng mga sandaling nilakbay
ng kanyang gusgusing hitsura

Kagabi nagising ako
nang may kumatok na kalam
sa aking sikmura
nang sinugod ko ang kusina
kinalaban ko'y sanlibong gunita:
mga manlalakbay sa karimlan
hindi natutulog naghahanap
sa musmos na liwanag

Kanginang madaling-araw
habang idinuduyan ako ng pangarap
naalimpungatan ako't
aking naulinig
sanlibong busina't samut-saring ingay:
binangungot ang lunsod
at humihilik ang gusgusing umaga. . .
tanghali na'y madilim pa

Ngayo'y kumakatok muli
sa aking gunita: paslit
ang mukha'y sindungis ng pader
sa *underpass* ng Quiapo
bitbit sa kanyang mga mata
ang sanlibong bangungot
ng kasaysayang nilakbay
ng kanyang hitsura

Don Pagusara, *Kamao: Tula ng Protesta 1970–1986* (1987)

https://xtremepape.rs/